MAKE ROOM

FILIPINO **WEEK 5**

## Pamumuhay sa Espiritu

### WARM-UP

- Ano ang isang bagay na gusto mong laging ginagawa? Bakit mo ito gustong gawin?
- Magkuwento tungkol sa isang tao na nakagawa ng malaking pagbabago sa buhay mo noong bata ka pa.
- Maituturing mo ba ang sarili mo bilang isang pinuno o isang tagasunod? Bakit mo ito naisip?

### WORD

*16 Kaya mamuhay kayo nang ayon sa nais ng Banal na Espiritu para hindi ninyo mapagbigyan ang pagnanasa ng laman. 17 Sapagkat ang ninanasa ng laman ay laban sa nais ng Espiritu, at ang nais ng Espiritu ay laban sa ninanasa ng laman. Magkalaban ang dalawang ito, kaya hindi ninyo magawa ang gusto ninyong gawin.*

**MGA TAGA-GALACIA 5:16,17**

Bilang mga Kristiyano, tayo ay tinawag na mamuhay nang tulad ni Jesus. Nangangahulugan ito ng pamumuhay nang ayon sa Espiritu at sa paraang nagbibigay karangalan sa Diyos. Dahil sa ating pagiging tao, ang mga makamundo nating pananasa ay nagiging dahilan upang hindi natin magawang patuloy na bigyang kaluguran ang Diyos. Sa halip, sinusunod natin ang ating makasariling pagnanasa. Ngunit, gumawa ang Diyos ng daan upang tayo ay maging katulad ni Cristo: ang Banal na Espiritu. Tayo ay magiging katulad ni Cristo kung tayo ay kikilos, pamumunuan, at mamumuhay ayon sa nais ng Banal na Espiritu.

## 1 Mamuhay ayon sa nais ng Banal na Espiritu.

*Kaya mamuhay kayo nang ayon sa nais ng Banal na Espiritu para hindi ninyo mapagbigyan ang pagnanasa ng laman.*
**MGA TAGA-GALACIA 5:16**

Ipinapangako ng Kasulatan na kung tayo ay mamumuhay ayon sa kagustuhan ng Banal na Espiritu, hindi natin pagbibigyan ang mga makamundong pagnanasa. Ang mamuhay nang ayon sa nais ng Espiritu ay nangangahulugan ng pagpayag nating tumanggap sa Banal na Espiritu upang magawa natin ang kagustuhan ng Diyos sa halip na gawin kung ano ang magpapasaya sa atin. Paano ka tinutulungan ng Banal na Espiritu upang hindi pagbigyan ang makasarili mong pagnanasa?

## 2 Magpasakop sa Banal na Espiritu.

*Ngunit kung nagpasakop na kayo sa Banal na Espiritu, hindi na kayo sakop ng Kautusan.* **MGA TAGA-GALACIA 5:18**

Ang magpasakop sa Kautusan ay nangangahulugang ganap ang ating pagsunod dito nang dahil sa takot at dahil ito lamang ang tanging pamantayan sa paghatol na gagawin sa atin. Ngunit nang tayo ay maging matuwid dahil kay Cristo at ng tanggapin natin ang Banal na Espiritu, tayo ay hindi na sakop ng Kautusan. Hindi sa hindi na natin susundin ang kautusan, ngunit kapag tayo ay nagpapasakop na sa Espiritu at dala ang Kanyang bunga, makikita natin ang ating sarili na sumusunod sa Kanyang mga utos (Mga Taga-Galacia 5:22-23). Ang bungang ito ang dahilan kung bakit tayo ay nakakapamuhay ng tulad ni Cristo at ayon sa sa Kanyang kagustuhan. Paano lumago ang bunga ng Banal na Espirtu sa buhay mo?

## 3 Magpatuloy sa pamumuhay ayon sa Banal na Espiritu.

*At dahil nga namumuhay na tayo sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu, magpatuloy tayo sa patnubay nito.*

**MGA TAGA-GALACIA 5:25**

Ang mamuhay at pamunuan ng Espiritu ay humahantong sa atin na maging katulad ni Cristo. Habang nabubuhay tayo sa pamamagitan ng Espiritu, tayo ay hinihikayat na sumunod sa Espiritu, na nangangahulugang naka-ayon tayo sa patnubay ng Espiritu sa bawat araw. Paano mo pinakikinggan ang Banal na Espiritu araw-araw upang sumunod sa Kanya?

## APPLICATION

- Nahihirapan ka pa rin ba sa mga personal mong kagustuhan? Ano ang isang bagay na magagawa mo ngayong linggo upang magawa mong piliin na gawin ang kagustuhan ng Banal na Espiritu?
- Pakiramdam mo ba ay obligado ka pa ring mamuhay ayon sa iyong mabubuting gawa? Paano ka lalago sa pagkakaroon at pagpapakita ng bunga ng Banal na Espiritu?
- Paano ka nagsisilbing isang patunay sa kakayahan ng Banal na Espiritu na bumago ng buhay? Paano mo magagawang palakasin ang loob ng isang kapamilya o kaibigan na nahihirapang mamuhay nang ayon sa kagustuhan ni Cristo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagbigay ng Banal na Espiritu na nananahan sa iyo araw-araw. Hingin sa Banal na Espiritu na tulungan kang magpatuloy sa pamumuhay nang naaayon sa kagustuhan Niya at hindi sa kagustuhan mo.
- Ipanalangin na sa tulong ng Banal na Espiritu, magawa mong sumunod sa kagustuhan at utos ng Diyos. Hingin sa Diyos ang pagpapakumbaba at kabutihan ng Banal na Espiritu upang lagi kang magabayan.
- Ipanalangin na laging makita sa buhay mo ang presensiya ng Banal na Espiritu at magsilbing pinagmumulan ng lakas ng loob ng mga tao sa paligid mo.

## NOTES

VICTORY

© 2018 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph